# Gabay sa Pagbudget

Ang pagbilang sa perang nilalabas at pinapasok natin ay ang accounting. Ito ay ang pagtingin sa nakaraan para malaman ano ang record natin.

Ang budgeting naman ay ang paglalaan ng mga karampatang limitasyon sa bawat gastusin sa ating buhay. Ito naman ay pagtingin sa hinaharap para makaplano tayo ng maayos sa ating gastusin.

Dalawang importanteng skill ito para sa lahat ng tao at kailangan matutunan bilang bahagi ng adulting o pagiging responsableng matanda sa mundo. Maraming benepisyo ang paggawa ng accounting at budgeting:

Accounting:
- Malaman ang saktong paggamit ng pera
- Makaiwas sa pagnanakaw o panloloko
- Matuklasan kung ano spending habits
- May ebidensya ka sa legal na usapin
- Makatulong sa pagbayad ng buwis
- Hindi na masyado gagamit sa memory
- Makatulong sa valuation ng negosyo

Budgeting:
- Mas may seguridad sa hinaharap
- Makaiwas sa pagsobra sa paggastos
- Makatulong sa pagtanggal ng utang
- Mas makaplano ka sa malayuang bagay
- Magkaroon ng kontrol sa pera
- Maka-ipon para sa di inaasahang pangyayari
- Makaturo ka sa mga anak mo ng mabuting asal sa pera
- Mas organisado ang buhay
- Matanggal ang pag-alala tungkol sa pera

Pinagsama ko ang pagtalakay sa accounting and budgeting dahil magkaugnay ang dalawa. Ang accounting nga kasi ay ang pagtala at pagbalik-tanaw natin sa mga nangyari nang paggastos sa pera habang ang budgeting ay ang pagplano natin sa kung paano nating gagastusin ang pera.

Posibleng tumingin tayo sa ating accounting sa nakaraan para malaman ang posibleng budget natin sa hinaharap o di kaya tingnan natin ang accounting natin sa nakaraan kung nasusunod nga ba talaga ang budget natin. Pwedeng

tingnan ang isa’t isa para malaman kung paano pa natin mas galingan ang isa’t isa.

## Paano ba Mag-Accounting?

Simple lang. Kailangan mo lang isulat ang lahat ng perang papasok at lalabas sa isang araw, linggo o buwan. Para pasimplehin dito, sabihin natin na may Plus at Minus. Ang Plus ay ang lahat ng perang papasok sa ating account. Ang Minus ay ang lahat ng perang lalabas mula sa ating account dahil sa gastos.

Para may record ka sa lahat ng ito, kunin mo ang mga resibo ng mga binibili mo. Tapos ilagay mo sa isang envelope. Para yan guide mo sa paglista mamaya sa notebook mo.

| PLUS | MINUS |
|---|---|
| • Salary<br>• Pension<br>• Remittance ng mga kamag-anak<br>• Kita sa negosyo<br>• Government dole-out<br>• Tinanggap na money donation o gift | • Pagkain<br>• Tubig<br>• Kuryente<br>• Iba pang groceries<br>• Paggawa ng bahay<br>• Rental o Lease<br>• Buwis<br>• Damit<br>• Pagbayad sa Utang<br>• Pagtabi para sa Savings |

Ilang karaniwang halimbawa lang ang mga binigay ko pero syempre marami pang pwedeng ilagay dito bilang bahagi ng mga plus at minus niyo sa househould. Ang sunod naman na table ay isang aktwal na halimbawa ng paggawa ng accounting para sa isang buwan na panahon:

| PLUS | MINUS |
|---|---|
| • Salary (15,000)<br>• Remittance ng mga kamag-anak (10,000)<br><br>Total: 25,000 | • Pagkain (10,000)<br>• Tubig (500)<br>• Kuryente (1000)<br>• Iba pang groceries (2500)<br>• Paggawa ng bahay (3000)<br>• Buwis (1000)<br>• Damit (500)<br>• Pagbayad sa Utang (2000)<br>• Pagtabi para sa Savings (4500)<br><br>Total: 25,000 |

Ang mga numero na nasa loob ay mga estimate lang pero syempre sa totoong pag-accounting mo ay hindi ganyan na saktong walang butal ang mga numero na nasa accounting kung isa-isahin mo ang pagdagdag sa mga item.

## Notebook o App?

Depende sa yo kung ano ang mas gusto mo. Pwedeng notebook na manual mo ilalagay ang lahat. Gawa ka lang ng dalawang column katulad ng nasa itaas at ilagay ang lahat ng plus sa isang column at lahat ng minus sa isa pang column. Total mo lang ang lahat ng items sa ilalim ng column sa plus at sa minus para malaman gaano karami ang income.

Ang iba naman ay gumagamit ng mga app sa smartphone para magtala sa lahat ng plus at minus nila. Ang maganda sa app ay pwede rin makonekta sa cloud o online storage na kahit mawala ang phone mo ay may backup ka pa rin. May mga automatic na maglagay ka lang ng bawat transaction tapos sila na ang magtotal sa lahat.

Ang ginagamit kong app na accounting ay 1Money para sa personal expenses ko at Lista para sa negosyo ko. Mayroon silang mga piechart at listahan ng lahat ng ilalagay mong transaction pati na rin ang total na madaling tingnan at balikan kung kailangan.

Gumagamit din ako ng Google Keep na notepad para sa ilang listahan ng mga expenses bago ako maglagay ng consolidated na pag-accounting ng gastos sa ibang accounting apps talaga.

Syempre, dapat ikaw ang mag-experiment para malaman mo alin ang gagana sa yo.

## Estimate o Exact?

Syempre maganda ay pagsikapan natin na alam natin ang lahat ng eksaktong plus at minus sa ating pera, pero sa karanasan ko ay hindi naman nangyayari ito. Minsan ay hindi ka nakakakuha ng resibo para sa mga bagay at nakakaligtaan ang ilang detalye.

Kahit na estimate na medyo malapit na sa katotohanan, ok na yun. Ang importante lany ay may idea ka sa plus at minus sa pera mo.

**Importante ay mas malaki ang plus kesa sa minus para sa magandang pinansyal na katayuan.**

## Paano naman Mag-Budgeting?

Ang budgeting naman ay ang paglalaan ng gagastusin natin sa isang panahon. Kadalasan ay ang budgeting ay para sa isang linggo o isang buwan. Kung nag-accounting ka na rin sa plus at minus mo, may ideya ka na rin sa ano ang papasok at lalabas na pera sa account mo kaya pwede ka ng magplano para sa hinaharap.
<u>Ang isang importanteng kailangan matandaan ay para palaging may ipon, dapat unahin mo muna ang pagtabi ng para sa savings bago niyo gastusin ang ibang pera.</u>

**Save muna palagi gumastos para may dudukutin kung may emergency.**

Minimum na 20% ng kita mo ay itabi sa savings. Mas maganda mas malaki pero nakadepende sa kung ano ang lifestyle na ok na sa inyo sa ititira niyong pera para gastusin.

Kinopya ko rito ang example ng table na ginamit natin sa accounting ng plus at minus. Posibleng ito rin ang gamitin natin example sa budgeting.

Pwede rin namang ibahin natin ang ilang bagay rito kunsakaling mag-iba ang ating sitwasyon. Ipagpalagay natin na lumaki ang plus natin dahil mas dumami ng kaunti ang remittance mula sa mga kamag-anak. Kunsagayon, may pwede rin tayong baguhin sa budget. Buwan pa rin ang panahon na ginamit natin dito.

| PLUS | MINUS |
|---|---|
| • Salary (15,000)<br>• Remittance ng mga kamag-anak (15,000)<br><br>Total: 30,000 | • Pagkain (10,000)<br>• Tubig (500)<br>• Kuryente (1000)<br>• Iba pang groceries (2500)<br>• Paggawa ng bahay (3000)<br>• Buwis (1000)<br>• Damit (500)<br>• Pagbayad sa Utang (2000)<br>• Pagtabi para sa Savings (9500)<br><br>Total: 30,000 |

Makikita niyo rito na pareho pa rin ang budget sa lahat pero nadagdag ang maitatabi sa savings. Nilagay ko lang din ito bilang halimbawa ng magandang asal sa pera na magtabi para sa hinaharap na mga pangangailangan at hindi kailangan lakihan ang ating gastos dahil lumaki din ang perang natatanggap.

Ang Budgeting estimate din yan katulad ng Accounting kaya minsan pwedeng kulang o sobra kaunti ang aktwal na numero kumpara sa nasa budget, pero importante lang ay hindi tayo sumobra masyado kasi di na natin nasunod ang budget. Tapos ang sobra na gastos ay mababawas lang sa maitatabi para sa savings.

Halimbawa, kung maging 11,000 pesos ang gastos sa pagkain sa isang buwan at ang lahat ng ibang gastusin ay pareho lang o di sumobra sa budget, magiging 8500 pesos na lang ang maitabi sa savings kumbaga.

## Para saan ang Savings?

Sa budget natin, nilalagay natin palagi ang pera sa savings. Napakaimportante nito dahil ito ang pagkukunan natin para sa mnga pinaghahandaang mga pangyayari at ang mga hindi inaasahang pangyayari:

- Pampagamot kung may nadisgrasya
- Pambayad sa insurance
- Magagamit kung matigil ang income
- Puhunan para sa negosyo
- Panggawa ng bahay para sa anak / apo
- Magamit sa pagpapiyesta
- At iba pang mga emergency

## Saan Pa Magagamit ang Accounting at Budgeting?

Ang pinakita ko sa inyo ay ang paano gamitin ang accounting at budgeting sa pang-araw-araw na gastos pero syempre pwede gamitin ito sa lahat ng proyekto sa buhay. Halimbawa ay magpapagawa ka ng bahay, magandang ideya pa rin na gamitin ang accounting at budgeting dito para malaman mo na sakto ang lahat ng materyales para matapos ang bahay at sakto rin ang mga presyo ng binibili mong materyales.

Kung nagawa mo na ang habit ng accounting at budgeting para sa buwan buwan mong gastos, madali mo na rin mong magawa ito para sa lahat ng mga project mo para magawa ng maayos ang proyekto.

Halimbawa:
Budget sa bahay ay 150,000 pesos.

Tapos bili ka materyales na:
- Cement 20,000
- Hollowblocks 20,000
- Deformed bars, 20,000
- Gravel 10,000
- Sand 20,000

Tapos magkuha ka ng labor na may allowance ng:
- Labor 60,000

Syempre ay halimbawa lang natin itong mga numerong ito pero makatulong ang estimate para malaman kahit paano ang gastos na maabot sa paggawa ng project. Magagawa mo na ito sa lahat ng gawain mo na nauukol sa pera.

Dahil sa kaalaman mo sa budgeting at accounting, malalaman mo agad kung kaya mo bang tapusin ang project o hindi kahit magsisimula ka pa lang sa project.

## Gawin mo na

Handa ka na ba i-apply ito sa sarili mong buhay?

Kuha ka ng notebook or ng app na pwede mo gamitin para sa pag-accounting.

Lista ka na now na.

Ang ating financial freedom ay nakasalalay sa ating kaalaman sa financial literacy at paglista ng mga gastusin para makaplano tayo ng maayos.

Sana gawin mong disiplina ito para hindi ka kakapusin lalo na kung kailangan mo na ng pera.

God bless.